
ST PAULS MEDIA pastoral ministry
SAMBUHAY
MISSALETTE
FOR A SYNODAL CHURCH: COMMUNION, PARTICIPATION, MISSION
SYNOD 2021-2023

Taon 36 Blg. 6 | Ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon (K) — Luntian | Agosto 21, 2022

# Nasa Pagkilala ang Kaligtasan



Bb. Nikki C. Frias

Maingat tayo sa mga kinakaibigan natin. Kahit sa *social media*, kung makatatanggap tayo ng *PM o Personal Message* sa hindi pa natin *"friend,"* ang tugon natin, *"Who you po?"* O kaya naman kung isa itong *friend request,* hindi ba't tinitingnan muna natin ang kanilang *profile* at pangalan, at sinisiyasat nang mabuti kung kakilala at kaibigan nga ba natin sila. Sa isang banda, sinasalamin ng ating pagpili kung sino tayo at kung sino at ano ang mahalaga sa atin. Marahil may katotohanan sa likod ng laging sabi ng lolo ko noon, *"Tell me who your friends are, and I'll tell you who you are."* (Ipakilala mo sa'kin ang iyong mga kaibigan, at sasabihin ko sa'yo kung sino ka.) Sa ebanghelyo ngayong araw, mayroong nagtanong kay Hesus kung marami bang maliligtas o *"maa-accept."* Ang tugon niya, depende sa'yong pagkakakilanlan.

"Pagsikapan ninyong makapasok sa makipot na pintuan." Hindi ba kataka-taka ang naging tugon niya? Marami ba o kaunti? Basta, kailangan ng *effort*. Marahil, hindi naman talaga interisado ang nagtatanong sa dami. Mas interisado siyang magtantiya. Madali ba o mahirap maligtas? Kung marami, aba'y madali lang siguro! Hindi masyadong kailangan ng *effort!*

Kung tutuusin, sinasagot na ng ating mga pagbasa ang tanong ukol sa dami. Malinaw na malinaw na hinahangad ng Diyos na maligtas ang lahat. Kaunti? Hindi, marami. Sabi sa Isaias, "Darating ako upang tipunin ang lahat ng bansa, at ang mga taong iba't iba ang salita."

Itinuturo sa atin ngayon na habang ang kaligtasan ay inihahain sa lahat, kalakip nito ang responsibilidad na tahakin ang makipot na lagusan. Ang kaligtasan ay nasa pagtahak sa daan. Ayon sa Hebreo, isa itong disiplina, isang paraan ng pamumuhay. Nasa patuloy na pagpapalalim ito ng pagkikipag-ugnayan sa Diyos at kapwa. Dito tayo makikilala ng pinuno ng sambahayan ayon sa talinhaga ni Hesus.

Kung babalikan at babasahin natin ang kabubuuan ng ika-13 kabanata ng San Lucas, puno ito ng mga pagpapaliwanag ukol sa kaharian ng Diyos. Ang kaharian ng Diyos ang kaganapan ng pagliligtas ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus. Inihalintulad ito ni Hesus sa buto ng mustasa. Napakaliit ngunit habang lumalaki, lumalapad at lumalawak ang naabot ng mga sanga nito hanggang sa maaari na itong kumupkop ng mga ibon. Mababasa rin natin kung pa-ano binigyang pansin at pinagaling ni Hesus ang isang babaeng labingwalong taon nang kuba, sa araw ng pahinga. Sinabi niya sa kanya, "Malaya ka na sa iyong karamdaman." Hindi lamang "magaling ka na," kung hindi, "malaya ka na."

Nagpapalaya at nagpapaginhawa ang kaharian ng Diyos. Kaya naman ang tumatahak sa landas ng kaligtasan ay nagpapalaya at nagpapaginhawa rin ng iba, kahit mahirap ito.

Mga kapatid, inaanyayahan tayo ng ating mga pagbasa ngayon na kilatisin at pagnilayan ang paraan natin ng pagtahak sa landas ng kaligtasan. Kung sisilipin ang *profile* ng ating buhay, sino at ano kaya ang makikita ng Diyos? Makikita niya kaya sa ating mga kaibigan na tayo'y nagpapalaya at nagpapaginhawa rin ng kapwa lalo na ng mga dukha? O baka naman tulad tayo ng mga nasa labas ng pintuan, nagpapakita lang sa panahon ng kasaganaan, sa mga kainan, ngunit nawawala sa panahon na kailangan sila ng kanilang kapwa. Hindi natin maaaring sabihing kakilala natin ang Diyos kung *"who you?"* naman tayo sa mga malapit sa puso Niya.

## PASIMULA

**Antipona sa Pagpasok**
(Slm 86:1–3)
*(Basahin kung walang pambungad na awit)*

**Sa aking abang dalangin, D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Ang pagsamo ko't pagdaing ay mangyaring iyong dinggin. Kaligtasa'y aking hiling.**

**Pagbati**
*(Gawin dito ang tanda ng krus)*

**P—**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
**B—At sumaiyo rin.**

**Paunang Salita**
*(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)*

**P—**Hindi sapat ang kaalaman tungkol sa Panginoon at sa Ebanghelyong kanyang hatid. Mahalaga ring isabuhay ang lahat ng itinuro sa atin ni Hesus. Makipot ang pintuan tungo sa langit kung kaya hindi madali ang makapasok sa kaharian ng Diyos.

Ipagkaloob nawa sa atin ng Diyos ang kababaang-loob upang tuluyan nating makita ang kanyang kaharian bilang biyaya na dapat tanggapin nang buong kagalakan at katatagan nang sa gayo'y magdulot ito ng mabuting bunga sa ating buhay.

**Pagsisisi**

**P—**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

**P—**Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B—Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P—**Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami.
**B—Kristo, kaawaan mo kami.**

**P—**Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B—Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P—**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B—Amen.**

**Gloria**

**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin, dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

**Pambungad na Panalangin**

**P—**Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, ginagawa mong kami'y magkaisa ng kalooban. Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalin, ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin, upang sa anumang pagbabago sa paligid namin manatiling matatag ang aming loobin sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** (Is 66:18–21)
*(Umupo)*

*Nakita ni propeta Isaias ang araw kung saan ang lahat ng bansa ay matitipon sa banal na lungsod at magbibigay-parangal sa Panginoon. Gayundin ang ipinahihiwatig ni Hesus noong winika niya na ang kaduluhan ng daigdig ay magtitipon sa piging ng kaharian ng Diyos.*


**Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias**

ITO ANG sinasabi ng Panginoon: "Nalalaman ko ang iniisip nila at mga ginagawa. Darating ako upang tipunin ang lahat ng bansa, at mga taong iba't iba ang wika. Malalaman nila kung gaano ako kadakila. Malalaman din nilang ako ang nagpaparusa sa kanila. Ngunit magtitira ako ng ilan upang ipadala sa iba't ibang bansa. Susuguin ko sila sa Tarsis, sa Pul at sa Lydia, mga dakong sanay sa paggamit ng pana. Magsusugo rin ako sa Tubal at Iavan, at sa mga baybaying hindi pa ako nababalita sa aking kabantugan. Ipahahayag nila sa lahat ng bansa kung gaano ako kadakila. Bilang handog sa akin sa banal na bundok sa Jerusalem, ibabalik nila ang mga kababayan ninyo buhat sa pinagtapunan sa kanila. Sila'y darating na sakay ng mga kabayo, asno, kamelyo, karwahe at kariton, tulad ng pagdadala ng mga handog na butil sa Templo, nakalagay sa malilinis na sisidlan. Ang` ilan sa kanila ay gagawin kong saserdote at ang ilan ay Levita."

—Ang Salita ng Diyos.
**B—Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan** (Slm 116)

**T—Humayo't dalhin sa tanan Mabuting Balitang aral.**




**1.** Purihin ang Poon!/ Dapat na purihin ng lahat ng bansa,/ Siya ay purihin/ ng lahat ng tao sa balat ng lupa. **(T)**

**2.** Pagkat ang pag-ibig/ na ukol sa ati'y dakila at wagas,/ at ang katapatan niya'y walang wakas. **(T)**

**Ikalawang Pagbasa**
(Heb 12:5–7, 11–13)

*Hindi panghihinaan ng loob ang sinumang sumasampalataya sa harap*

*ng pagsubok at paghihirap. Hinihimok ang lahat ng Kristiyano na magpakatatag at tingnan ang bawat paghihirap bilang pagtutuwid ng isang ama.*

**Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo**

MGA KAPATID, nalimutan na ba ninyo ang pangaral ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya—mga salitang nagpapalakas ng loob ninyo?

"Anak, huwag kang magwalang-bahala kapag itinutuwid ka ng Panginoon, at huwag panghinaan ng loob kapag ikaw ay pinarurusahan niya. Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang mga iniibig niya, at pinapalo ang itinuturing niyang anak."

Tiisin ninyo ang lahat bilang pagtutuwid ng isang ama, sapagkat ito'y nagpapakilalang kayo'y inaari ng Diyos na kanyang mga anak. Sinong anak ang hindi itinuwid ng kanyang ama? Habang tayo'y itinutuwid hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis. Ngunit pagkaraan niyon, lalasap tayo ng kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay.

Kaya't palakasin ninyo ang inyong lupaypay na katawan at tipunin ang nalalabi pang lakas! Lumakad kayo sa daang matuwid upang hindi tuluyang mapilay, kundi gumaling ang paang nalinsad.

—Ang Salita ng Diyos.
**B—Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** (Jn 14:6) *(Tumayo)*

**B—Aleluya! Aleluya! Ikaw, O Kristo, ang Daan, ang Katotohana't Buhay patungo sa Amang mahal. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** (Lc 13:22–30)

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon, nagpatuloy si Hesus sa kanyang paglalakbay. Siya'y nagtuturo sa bawat bayan at nayon na kanyang dinaraanan patungong Jerusalem. May isang nagtanong sa kanya, "Ginoo, kakaunti po ba ang maliligtas?" Sinabi niya, "Pagsikapan ninyong pumasok sa makipot na pintuan. Sinasabi ko sa inyo, marami ang magpipilit na pumasok ngunit hindi makapapasok.

"Kapag ang pinto'y isinara na ng puno ng sambahayan, magtitiis kayong nakatayo sa labas, at katok nang katok. Sasabihin ninyo, 'Panginoon, papasukin po ninyo kami.' Sasagutin niya kayo, 'Hindi ko alam kung tagasaan kayo!' At sasabihin ninyo, 'Kumain po kami at uminom na kasalo ninyo, at nagturo pa kayo sa mga lansangan namin.' Sasabihin naman ng Panginoon, 'Hindi ko alam kung tagasaan kayo! Lumayo kayo sa akin, kayong lahat na nagsisigawa ng masama!' Tatangis kayo at magngangalit ang inyong ngipin kapag nakita ninyong nasa kaharian ng Diyos sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang lahat ng propeta, at kayo nama'y ipinagtabuyan sa labas! At darating ang mga tao buhat sa silangan at kanluran, sa hilaga at timog, at dudulog sa hapag sa kaharian ng Diyos. Tunay ngang may nahuhuling mauuna, at may nauunang mahuhuli.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

**Homiliya** *(Umupo)*

**Pagpapahayag ng Pananampalataya** *(Tumayo)*

**B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

**Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

**Panalangin ng Bayan**

**P—**Ang daan sa iyong paghahari, Ama, ay nangangailangan ng isang radikal na desisyon, dito at ngayon; isang pagpili sa iyo na dapat naming gawin sa tuwina, kailanman at saanman. Tulungan mo kaming maipangyari ito, kami'y nagsusumamo:

**T—Diyos ng buháy, panatilihin mo kami.**

**L—**Mapagmahal na Ama, gabayan mo si Papa Francisco, mga obispo, pari, diyakono, at kaming mga layko, upang sa paggabay ng iyong Espiritu, aming piliin ang mga desisyong pinakamakabubuti para sa Simbahan. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Mapagmahal na Ama, bigyang liwanag mo ang aming mga pinuno sa pamahalaan upang kanilang maipamalas ang iyong mabuting kalooban para sa bawat mamamayan sa kanilang paglikha ng mga patakarang nagproprotekta at nagtataguyod ng dignidad ng tao at sa kanilang mahabaging pagpapatupad ng Konstitusyon. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Mapagmahal na Ama, makatagpo nawa ng kaaliwan ang mga taong dumaranas ngayon ng matinding paghihirap, sa aspektong pinansyal, emosyonal, o espiritwal, sa iyong presensyang matatagpuan sa aming katapatan sa pag-ibig at paglilingkod sa bawat isa. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Mapagmahal na Ama, yakapin mo ang mga yumao lalung-lalo na silang malalapit sa aming puso. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

**P—**Ama, hangarin nawa namin ang iyong Paghahari, dito at ngayon, upang, tulad ng iyong anak, ang aming buhay din ay maging kaaliwan para sa isa't isa sa aming paglalakbay sa

buhay na ito, sa pamamgitan ni Kristo kasama ng Espiritu Santo, magpasawalang-hanggan.
**B—Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**Paghahain ng Alay** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin kayo...
**B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P**—Ama naming Lumikha, pinagkamit mo kami ng iyong pagkupkop pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog kaya't sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob ang pagkakaisa at kapayapaang nagbubuklod bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

**Prepasyo** *(Karaniwan III)*

**P**—Sumainyo ang Panginoon.
**B—At sumaiyo rin.**
**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B—Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P**—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B—Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:


**SAMBUHAY MISSION APPEAL**
***Be a mission partner for Sambuhay!***

Missalette TV mass

**Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for**

- vocation promotions,
- Invitations from Catholic communities and other groups,
- Announcements for special programs and activities,
- Local and international pilgrimages,
- Other church and faith-based matters.

| MEDIUM | DURATION | AD RATE |
|---|---|---|
| Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino) | 1 SUNDAY | P 4,000 |
| Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon) | 1 SUNDAY | P 1,500 |
| Sambuhay First Friday | 1 FRIDAY | P 2,000 |
| Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino) | 8 SUNDAYS (2 months) | P 25,000 |
| Sambuhay TV | 1 EPISODE | P 5,000 |

Contact details
8959701 to 04 loc. 310
8957328; 7772004
sambuhay.missalette@gmail.com
publishing@stpauls.ph
Facebook.com/sambuhaymissalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette


**B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan!**
*(Lumuhod)*

**Pagbubunyi** *(Tumayo)*

**B—Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!**

## PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B—Ama namin...**
**P**—Hinihiling naming...
**B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang**
*(Lumuhod)*

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona sa Komunyon**
(Slm 104:13–15)

**Ang halaman ay namunga at may pagkaing nakuha, ubas na dulot ay sigla, pawang bigay ng D'yos Ama upang tayo'y lumigaya.**

**Panalangin Pagkapakinabang**
*(Tumayo)*

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay ng iyong pag-ibig na ngayo'y ipinagdiriwang at kami nawa'y magkaroon ng ganap na kaunlaran upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

## PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.
**B—At sumaiyo rin.**

**Pagbabasbas**

**P**—Magsiyuko ang lahat para sa pagbabasbas. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagpala, pagpalain mo ng iyong mga kaloob buhat sa langit ang iyong sambayanan at pamalagiin mong sumusunod sa iyong kalooban sa pamamagitan ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**
**P**—At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
**B—Amen.**

**Pangwakas**

**P**—Humayo kayong mapayapa.
**B—Salamat sa Diyos.**